

URBAN POOR UPDATES



*(with the latest Supreme Court jurisprudence
and laws on the Urban Poor)*



URBAN POOR UPDATES

*(with the latest Supreme Court jurisprudence
and laws on the Urban Poor)*

September 2005

Prepared and published by SALIGAN

SALIGAN Urban Poor Unit:

Atty. Irish-Fe N. Aguilar
Atty. Jason Christopher R. Co
Atty. Rodolfo G. Gabasan
Atty. Michael Vincent S. Gaddi
Atty. Edna N. Maguigad
Atty. Melanie M. San Luis

Artwork by Eric Roca

Lay-out by Boom Vierna



Jurisprudence



MGA DIGEST NG KASO UKOL SA UDHA:

1. THE MARCOS DECREES

Bejer vs. CA

Sina Bejer ay nagmamay-ari ng lupa at gusali na nasa Malate, Manila. Sila ay nakipagkasundo sa isang buwanang kontrata ng "lease" sa respondents. Pagkatapos ng isang taon, ipinaalam ni Bejer at ng mga kasamahan nito na kinakailangan na nilang gamitin ang gusali at ang lupang kinatatayuan nito dahil kailangan ito ng kanilang pamilya. Binigyan nila ang respondents ng dalawang buwan upang lisanin ang gusali. Hindi pumayag dito ang respondents. Binigyan pa ulit sila ni Bejer ng tatlong-buwang palugit pero hindi pa rin umalis ang respondents. Hindi na rin sila nagbabayad ng upa. Ayon sa respondents: (1) sila Bejer ay walang cause of action at ang korte ay walang jurisdiction dahil hindi tumupad si Bejer at ang kanyang mga kasamahan sa mandato ng batas ukol sa conciliation na matatagpuan sa P.D. 1508 (baranggay conciliation); at (2) ang pagpapalis sa kanila ay hindi posible dahil sa P.D. 1517 (Urban Land Reform Law) at P.D. 1520.

Ayon sa Supreme Court, sina Bejer ay

hindi miyembro ng barangay kundi pawang pansamantalang naninirahan lamang. Hindi sila sakop ng mandato ng batas ukol sa barangay conciliation. Upang mapasailalim sa Urban Land Reform Zone, kinakailangan munang mai-proklama ito bilang kasapi sa 245 na lugar na sakop ng Proclamation No. 1967 at sakop din ng Area of Priority Development at ng Programang ZIP o Zonal Improvement Program ng gobyerno. Sinabi ng Supreme Court na ang gusali at lupang pagmamay-ari nila Bejer ay hindi pa kasama sa mga lugar na naiproklama na ng gobyerno bilang Urban Land Reform Zone. Ang lugar na nabanggit ay nai-rekomenda pa lamang na isali sa programa na ZIP ng gobyerno. Hindi ito sakop ng Urban Land Reform Law at ang mga respondents ay maaaring paalisin dito.

Valdelion vs. Tengco

Sa isang pag-uusap, nagkasundo si Valdelion at ang may-ari ng lupa na magbabayad si Valdelion ng buwanang upa sa may-ari. Nagtayo ng bahay si Valdelion sa nasabing lupa. Ibinenta ng dating may-ari ang lupa kina Geraldez. Ipinaalam ni Geraldez kay Valdelion na nabili na nila ang lupa at kinakailangan nng umalis ni Valdelion dahil magtatayo sila ng isang gusali na may tatlong palapag. Humihingi rin sila ng bayad sa upa na P200 kada buwan hanggang sa umalis si Valdelion. Ayon sa trial court, dapat



ngang umalis si Valdelion sa lugar na iyon at dapat din ay magbayad siya ng kinaauukulang upa. Pumunta si Geraldez sa Court of Appeals upang kunin ang bayad na upa ni Valdelion at nalaman niya na hindi pala ito nagbabayad ng upa. Nilabag ni Valdelion ang utos ng B.P. 25 nang hindi siya nagbayad ng apat na sunod-sunod na buwan. Nagsampa ng ejectment case si Geraldez laban kay Valdelion.

Ayon kay Valdelion, ang B.P. 25 ay tumutukoy lamang sa upa ng mga bahay na pinapaupahan at hindi nito sakop ang pinapaupahang lupa kung saan ang umuupa ay nagtayo ng bahay at doon tumira ng higit sa sampung taon. Sinabi pa ni Valdelion na ang buong Metro Manila ay naideklara na sakop ng Urban Land Reform Zone, at dahil sa ay tumira na dito ng higit sa sampung taon, hindi siya maaaring paalisin at mayroon siyang right of first refusal ayon sa Section 6 ng P.D. 1517. Ayon naman kay Geraldez, hindi sinagot ni Valdelion ang isyu ukol sa hindi nya pagbabayad ng renta, kaya parang inaamin na rin nya ito. Sinabi pa ni Geraldez na ang lupang inuupahan ni Valdelion ay sakop na ng mga katagang "residential unit". Isa pa, hindi nararapat ang right of first refusal sa kasong ito dahil wala naman silang intensyon na ibenta ang lupa.

Ayon sa Supreme Court, ang mga

deposito na ibinigay ni Valdelion pagkatapos ng paglilitis ng kaso ay hindi maaaring maituring na "valid consignment" dahil hindi niya ito ipinaalam sa kabilang panig. Sinabi rin ng SC na ang P.D. 1517 ay hindi nararapat sa kasong ito dahil wala namang ebidensya na ang lupang pinag-aawayan ay nai-proklama bilang kasama sa Urban Land Reform Zone. Ang depensa ni Valdelion na mayroon siyang right of first refusal ay hindi rin wasto dahil mariing sinabi ni Geraldez na wala naman silang intensyon na ibenta ang lupa.

Nidoy vs. CA

Si Nidoy ay nangungupahan sa isang apartment na matatagpuan sa Malate, Manila ng higit sa 25 na taon. Ang apartment na ito ay ibinenta ng dating may-ari kay Ang. Ang lugar na ito ay nai-proklama na sakop ng Area for Priority Development (APD) ng gobyerno. Nagsampa ng kasong unlawful detainer si Ang sa MTC dahil lumipas na daw ang kontrata ng "lease" ni Nidoy at hindi ito nagbabayad ng upa. Ayon sa MTC, dapat ay umalis na si Nidoy sa apartment at dapat din na magbayad siya ng renta. And desisyon ng MTC ay sinang-ayunan ng RTC at ng CA. Si Nidoy ay umapela sa SC dahil, ayon sa kanya, ang "deed of sale" na kasunduan ng dating may-ari at ni Ang ay walang bisa dahil





hindi nito nirespeto ang karapatan ni Nidoy na maunang bumili ng apartment o "right of first refusal" na mandato ng P.D. Section 6 ng P.D. 1517. Sinabi din ni Nidoy na kahit pa sabihing wala nga siyang "right of first refusal", hindi rin sya maaaring paalisin dahil sa "Urban Land Reform Act".

Ayon sa SC, hindi nararapt ang Section 6 ng P.D. 1517 sa kasong ito dahil ito ay tumutukoy lamang sa "right of first refusal" ng mga nangungupahan ng higit sa sampung taon sa isang lupa na kung saan sila nagtayo ng bahay at ang lupang ito ay idineklara na kasama sa Urban Land Reform Zone. Hindi sakop ng batas na ito ang mga nangungupahan sa mga apartments. Si Nidoy ay nangungupahan sa isang apartment at hindi ito sakop ng batas kahit na ang lupang kinatitirikan nito ay kasama sa idineklarang Urban Land Reform Zone. Isa pa, ang "right of first refusal" ay maaari lamang gamitin ng mga lahitimong nangungupahan. Si Nidoy ay hindi lehitimong nangungupahan dahil hindi na siya nagbabayad ng renta, kaya hindi nya makukuha ang benepisyo ng P.D. 1517.

Sinabi rin ng SC na ang dahilan kung bakit ginawa ang batas ukol sa hindi pagpapa-alis o "non- eviction" ay upang tigilan ang masamang gawain ng mga may-ari ng lupa na humingi ng mataas na presyo sa mga nagungupahan upang mapa-alis nila ang mga

ito kung sakaling hindi sila makabayad.

Vergara vs. IAC

Sina Vergara ay naninirahan sa lupa na matatagpuan sa Malaya, Avenue, Q.C. Nagsama sila ng kaso upang mapawalang-bisa ang pagbebenta ng lupa sa respondent. Ngunit, ang kasong ito ay na-dismiss dahil sa hindi pag-attend ng hearing nila Vergara. Inatasan ng trial court na umalis sa lupang iyon. Nagsampa ng certiorari si Vergara sa CA at kinc-kwestion nila ang order ng execution ng trial court. Sinabi ni Vergara na hindi sila maaaring paalisin dahil ang tinitirhan nila y sakop ng Zonal Improvement Program (ZIP) ng gobyerno na nakasaad sa Memorandum na ipinasa ng Ministry of Human Settlements. Dinimiss ng CA ang kaso at sinabi nito na ang pagpasa ng sinasabing memorandum ay hindi supervening event na maaring magpahinto sa final order ng trial court. Makalipas ang ilang araw, ipinasa ang P.D. 2016 na may paksang "Prohibiting the Eviction of Occupant from Land Identified and Proclaimed as Areas for Priority Development (APD) or as Urban Land Reform Zones and Exempting Such Land from Real Property Taxes". Base sa batas na ito, nagsampa na naman ng panibagong kaso ng certiorari sina Vergara sa CA. Sinabi nila na ang pagpasa ng nasabing batas ay nagpawalang-bisa sa order ng trial



court. Ayon sa CA, ang pagpasa ng nasabing batas ay walang epekto sa final judgment ng trial court at dapat na itong ipatupad. Sinabi pa ng CA na ang P.D. 2016 ay nagpapatupad lamang ng Section 6 ng P.D. 1517. Hindi pinalawak ng P.D. 2016 ang sakop ng P.D. 1517. Hindi pa rin kasama sa sakop ng batas ang mga taong mayroon nang final judgment ng eviction na dapat nang ipatupad. Hindi maaarin gamitin nila Vergara ang P.D. 2016 upang pigilin ang pagpapatupad ng final judgment ng trial court.

Sinang-ayunan ng SC ang desisyon ng CA at sinabi pa nito na ang kahulugan ng "tenant" o nangungupahan ayon sa Urban Land Reform Law (P.D. 1517) ay ang taong lehitimong nangungupahan dito at hindi nasasakop ang mga tao na ang pangungupahan ay pinapayagan lamang ng may-ari kahit hindi lehitimo, at kahit walang kontrata, at yung mga taong pumapasok sa lugar sa pamamagitan ng puwersa o pandaraya o yung mga taong ang paninirahan doon ay nasa paglilitis.

Ang mga nagsumite ng petisyon ay hindi maaaring masabing "tenant" o "qualified occupant" ayon sa kahulugan nito sa Urban Land Reform Law dahil ang kanilang patuloy na paninirahan sa lugar na iyon ay pinapayagan lamang ng may-ari at wala silang karapatan na magpatuloy na

manirahan dito dahil sa hatol ng korte na dapat na silang umalis. Ang tinatawag na "slum" o "depressed community" ayon sa P.D. 2016 ay hindi karagdagang benepisyaryo sa ilalim ng Urban Land Reform Law kundi karagdagang lugar lamang na nasasakop ng nasabing batas. Ang mga benepisyaryo sa ilalim ng Urban Land Reform Law ay ang mga nangungupahang mga pamilya na may mga katangiang magpapasailaim sa batas at hindi ang lugar na nasasakop nito.

Bermudez vs. IAC

Si Bonus ay may-ari ng lupa sa Sampaloc, Manila. Nagsampa siya ng demanda sa MTC laban kina Bermudez. Ayon kay Bonus, pinayagan ng kanyang nanay na manirahan sila Bermudez sa kanilang lupa at magtayo ng kanilang bahay doon ngunit mayroon silang pag-uusap na maaari silang paalisin kapag kinailangan na ni Bonus ang lupa. Hindi pumayag na umalis sina Bermudez. Nagsampa ngayon ng demanda na ejection si Bonus. Sinabi ni Bermudez na si Mang Tomas, ang namamahala sa lupa na pagmamay-ari umano ni Rita Legarda, ay pinayagan silang manirahan sa naturang lugar. Sinabi pa ni Bermudez na nilinang nila ang lupa kapalit ng kanilang paninirahan dito, at sila ay nakatira sa lugar na ito ng higit sa





sampung taon na. Ayon kay Bermudez, hindi sila maaaring paalisin sa lupa dahil sila ay pioprotektahan ng Section 6 ng P.D. 1517 (Urban Land Reform Decree). Ayon sa MTC, hindi nga maaaring paalisin sina Bermudez dahil ang lupa ay nasasakop ng lugar na nai-proklama na kasama sa "priority development". Ang desisyon ng MTC ay sinang-ayunan ng RTC at ng IAC. Ngunit nang magsumite ng motion for reconsideration si Bonus, siya naman ang pinanigan ng IAC. Inatasan ng IAC na umalis sina Bermudez sa lupa dahil ang Urban Land Reform Decree ay hindi maaaring gamitin sa kasong ito. Ito ay dahilan sa hindi napatunayan nila Bermudez na mayron silang kontrata sa dating may-ari ng lupa na si Legarda.

Ayon sa SC, hindi maaaring maging benepisyaryo ng P.D. 1517 sila Bermudez dahil hindi naman sila legal na nangungupahan dito. Ang proteksyon ng P.D. 1517 ay maaari lamang gamitin ng mga "legitimate tenants", i.e. ang mga legal na nangungupahan at naninirahan sa lupa, at hindi sa mga taong pinapayagan lamang na manirahan sa lupa ng walang pormal na kasunduan o kontrata ayon sa Section 3 at 33 ng P.D. 1517. Ayon pa sa SC, ang P.D. 1517 ay maaari laang gamitin kung ang lupa ay binebenta ng may-ari sa isang 3rd party. Makikita sa kasong ito na nung inalok sila ni

Bonus na bilhin ang lupa ng hulugan, hindi sila pumayag dito dahil wala silang pera. Sina Bermudez ay wala nang karapatan na manatiling nakatira sa lupa.

Zansibarian Residents Association (ZRA) vs. Municipality of Makati

Ang ZRA ay binubuo ng mga miyembro na nakatira sa lupa na matatagpuan sa Brgy. San Isidro, Makati City. Ayon sa ZRA, ang kanilang miyembro ay hindi maaaring paalisin sa lupang kanilang tinitirahan dahil sa P.D. 1517, ang batas na nagpo-proklama ng Urban Land Reform sa Pilipinas at nagbubuo ng organisasyon na magpapatupad dito. Ito ay hindi na bago dahil hindi ito ang unang kaso na ipinasa ng ZRA laban sa lungsod ng Makati. Bago ang kasong ito, nagsumite na ang ZRA ng dalawang kaso para sa injunction upang pigilan ang "demolition team" ng Makati sa pag-giba ng kanilang mga tahanan. Ang dalawang kaso na ito ng injunction ay na-dismiss ng RTC.

Ayon sa SC, ang nararapat lamang na bigyan ng proteksyon ng P.D.1517 ay ang mga lehitimong nangungupahan sa mga lupa. Ang mga myembro ng ZRA ay hindi mga lehitimong nangungupahan at hindi rin sila nakatira dito dahil sa isang legal na kontrata. Isa pa, ang kasong ito ay hindi na maaaring



manalo dahil ito ay napagdesisyunan na sa naunang dalawang kaso ng injunction dahil mayroong parehong mga naglalabang partido, parehong "subject matter" at parehong "cause of action".

Santos vs. CA

Nagsampa sa Gutierrez ng kasong unlawful detainer laban kay Santos at sa mga kasamahan nito dahil: (1) kailangan na ni Gutierrez ng apartment dahil gagamitin nya ito; (2) kinakailangan na nitong marepair; at (3) hindi nagbabayad ng renta sina Santos. Sinabi ni Santos na sila ay lehitimong nangungupahan sa apartment, ayon sa kanilang buwanang kontrata ng "lease". Inutusan ng RTC na umalis na sa nasabing apartment sina Santos. Nagpasa ng certiorari sa SC sina Santos na nagsasabing nangungupahan na sila sa nasabing apartment ng 28 na taon at nararapat na mayroon silang "preferential right" upang bilhin ang apartment ayon sa P.D. 1517.

Ayon sa SC, ang kanilang kontrata ay may definite na panahon dahil ito ay buwanan. Dahil dito ang mga party sa kontrata ay nagkasundo na kapag nagbigay na ng abiso ang isang party, maaari nang matapos ang kasunduan, ayon sa kaso ng Rantael. Ang P.D. 1517 ay hindi maaaring gamitin sa kasong ito dahil ang batas na

ito ay sumasakop lang sa "urban land" na inuupahan kung saan ang nagungupahan ay nagtayo ng sarili nyang bahay at kung saan sya ay nanirahan sa loob ng sampung taon o higit pa. Kung ang lupa at bahay ay parehong pagmamay-ari ng nagpapa-upa, hindi maaaring gamitin ang "right of first refusal".

Lagmay vs. CA

Si Tuason ay nagmamay-ari ng lupa na matatagpuan sa Pasay City. Pinaupahan nya ang isang bahagi ng lupa kina Lagmay ng humigit sa 20 na taon. Ang mga nangungupahan ay nagtayo ng kani-kanilang bahay sa kanilang mga inuupahang lugar. Ang abogado ni Tuason ay nagpadala ng sulat sa mga nangungupahan na nagsasabing nais ibenta ng may-ari ang lupa na tinitirahan nila dahil kailangan nya ng pera para pambili ng gamot. Binigyan sila ng tatlong-buwang palugit upang gamitin ang kanilang karapatan upang bilhin ang nasabing lupa ngunit hindi nila ito pinansin. Tumigil na ng pangongolekta ng upa ang may-ari at hindi naman nagbayad ang mga nangungupahan. Nagpadala na naman ng sulat ang mga kapatid ni Tuason (may-ari) na nagsasabing may sakit ang kanilang kapatid at kahit na napag-desisyunan na niyang ibenta ang lupa, hindi pa rin nya ito ibinenta at pinayagan pa nyang manirahan dito ang mga nangungupahan ng dalawang taon kahit na hindi sila nagbabayad ng upa.



Naki-usap ang mga kapatid ni Tuason na umalis na ang mga nangungupahan dito upang maibenta na ni Tuason ang lupa para maka-ipon ng pera na pambayad sa kanyang mga pinagkaka-utangan. Imbes na umalis ang mga nangungupahan, inalok nila na bilhin ang lupa ni Tuason dahil may karapatan daw silang gawin ito ayon sa P.D. 1517. Nagsampa pa sila ng demanda sa RTC upang magamit nia ang kanila "pre-emptive right". Na-dismiss ng RTC ang kanilang kaso dahil ang sulat sa kanila ni Tuason ay nagsisilbing demand ng kanilang pag-alis at hindi isang alok upang bilhin ang lupa. Na-dismiss din ng CA ang kaso nila dahil ang lupa ay hindi nasasakop ng 244 na urban sites na naipoklama bilang "urban land reform areas" sa ilalim ng Proclamation No. 1967. Sinabi rin ng CA na kahit pa sabihing mayroon silang "pre-emptive right", ito ay kanila nang na-waive dahil hindi sila sumunod sa mga kinakailangang gawin upang magamit ang karapatang ito. Nagpasa ng certiorari sina Lagmay sa SC at itinatanong nila dito kung "self-executory" ba ang Section 6 ng P.D. 1517, dahil kung ito nga ay self-executory, legal ang sinasabing pre-emptive right ng mga nangungupahan.

Ayon sa SC, ang Section 6 ng P.D. 1517 ay hindi self-executing dahilang mga kondisyon ng pagbebenta ng lupa sa pamamagitan ng paggamit ng nangungupahan ng lupa sa kanyang

karapatan upang bilhin ito ay idineklara ng Urban Zone Expropriation and Management Committee. Sinabi pa ng SC na ang RTC ay tama sa pagsasabing may ilang kondisyon upang makuha ang benepisyo ng nasabing batas. Ayon sa SC, may mga proclamations tulad nito (Proc. No. 1893, na idideklara ang buong Maynila bilang Urban Land Reform Zone, at ang Proc. No. 1967, na nagbago sa Proc. No. 1893, at nagdedeklara ng 244 na lugar sa Maynila na sakop ng priority and urban land reform zones). Sinabi ng SC na ang mga proklamasyon na ito ay mga pagpapatunay na ang P.D. 1517 ay hindi self-executing dahil kinakailangan pa nito ang iba pang executive acts, katulad ng pagbubuo ng mga committees na sinasabi ng batas, na kailangan pang gawin upang maipatupad ang mga ipinag-uutos ng batas.

Isa pa, kahit pa sabihing nararapat gamitin ang P.D. 1517 sa kasong ito, may oportunidad sina Lagmay na mapasakanila ang mga inupahang lupa ngunit nawala ang pagkakatong ito dahil hindi nila ginamit ang kanilang karapatan na bilhin ang lupa sa ibinigay sa kaniang tatlong-buwang palugit.

Parañaque Kings Enterprises vs. CA

Isang kontrata ng lease ang napagkasunduan ni Frederick Chua at ni



Catalina Santos, ang may-ari ng lupa. Ang kontratang ito ay na-assign sa Parañaque Kings Enterprises (PKE), isang pribadong kompanya. Sa ilalim ng kanilang kontrata ng lease nila Santos at PKE, ang PKE ay binigyan ng "first option or priority" upang bilhin ang pinaaupahang lupa kung sakaling mapag-desisyonan ni Santos na ibenta ang lupa. Ibinenta ni Santos ang lupa kay Raymundo, sa halagang P5 million, nang hindi muna ito inaalok sa PKE. Nagreklamo ang PKE at binili ulit ni Santos ang lupa mula kay Raymundo. Pagkatapos nito, ibinenta ni Santos ang lupa sa PKE sa halagang P15 million, na hindi naman sinag-ayunan ng PKE dahil ito ay hindi kapani-paniwala. Hindi na naman sinunod ni Santos ang kontrata nang ibinenta ulit nito kay Raymundo ang lupa sa halagang P9 million, nang hindi inaalok sa PKE ang lupa sa presyong ito.

Ayon sa RTC at sa CA, walang paglabag sa kontrata ng lease dahil inalok naman ni Santos ang PKE na bilhin ang lupa, ngunit hindi naman ito sumang-ayon. Ayon naman sa SC, ang pag-aalok na ginawa ni Santos ay hindi sapat upang masabing sumunod siya sa kontrata. Upang masabing sumunod talaga siya sa kontrata nila, dapat ay inalok din ang PKE na bilhin ang lupa sa presyo ng pagkaka-benta nito kay Raymundo, sa halagang P9 million.



Sinabi ng PKE na may karapatan ito na bilhin ang lupa sa ilalim ng P.D. 1517 dahil sila ay lehitimong nangungupahan dito ayon sa kanilang kontrata. Sa kanilang kontrata, ang PKE ay nangungupahan na sa lugar na ito sa loob ng 14 na taon. Sinabi ng SC na kahit hindi nila alamin kung lehitimong nangungupahan ba talaga ang PKE ayon sa nasabing batas, ang magsasabi ng mga kondisyon upang maibenta at mabili ng nangungupahan ang kanilang inuupahang lupa, ay ang Urban Zone Expropriation and Land Management Committee. Binanggit nito ang kaso ni Lagmay kung saan sinabing kailangan munang masunod na ilang kondisyon upang magamit ang karapatang bilhin ang lupa. Sinabi ng SC na walang ebidensya na nasunod ang mga kondisyon na ito at walang "cause of action" ang PKE base sa argumentong ito.

2. UDHA CASES

A. PAG-IWAS SA ISYU NG CONSTITUTIONALITY

Macasiano vs. NHA

Bilang consultant ng DPWH, hinamon ni Police General Macasiano ang pagiging ayon sa saligang batas ng Section 28 at 44 ng R.A. 7279. Ayon sa kanya, pinapawalang bisa ng Section 28 ang demolisyon at nagbibigay



pa ito ng mga panuntunin na dapat sundin sa pagpapatupad ng mga atas ng demolisyon at ebiksyon. Sinabi pa ni Macasiano na dahil sa batas na ito, hindi na niya maipagpapatuloy ang paggiba ng mga ilegal na istruktura na madalas niyang ginagawa dati. Bilang mamamayang nagbabayad ng buwis, ayon sa kanya, siya daw ay may direktang interes na makita ang wastong paggamit ng pera ng bayan. Ayon naman sa National Mapping and Resource Information, ang pagpapatupad ng mga nasabing bahagi ng batas ay hindi na sakop ng kanyang jurisdiction ngunit ang mga ito ay hindi lumalabag sa saligang batas. Ang Section 28 ay nagpapatupad lamang ng makataong paraan ng pagpapa-alis at hindi nito ipinagbabawal ang demolisyon, at ang Section 44 naman ay tumutukoy lamang sa program beneficiaries.

Ayon sa SC, ang pagsang-ayon ng isang batas na gawa ng lehislatura sa saligang batas ay hindi pinapakialaman ng korte kung ito ay hindi naiparating sa korte sa pamamagitan ng wastong kaso at kung hindi ito kinakailangan para sa tamang pagdedesiyon ng kaso. Ang katanungan na ito ay maaari lang desisyunan ng SC kung ito ay isinampa ng wastong tao. Sa kasong ito, si Macasiano ay hindi ang wastong tao upang iharap ang katanungang ito sa korte dahil hindi niya napatunayan na siya ay nagtamo o magtatamo ng pinsala bilang resulta ng pagpapatupad ng nasabing

batas. Hindi niya rin napatunayan na mayroon siyang kapangyarihan upang maggiba ng mga istrukturang nakakaharang o nakatayo sa mga lupa ng gobyerno, lalo na ng mga lupain ng pribadong tao. Hindi rin nya napatunayan na nagmamay-ari siya ng lupa at ang kanyang pag-gamit dito ay maapektuhan ng mga nasasabing bahagi ng UDHA.

Garcia vs. Executive Secretary

Ayon kay Congressman Garcia, ang R.A. 7042 (Foreign Investments Act) ay hindi sang-ayon sa saligang batas. Sinabi ng SC na hindi pinapakialaman ng korte ang mga katanungan ukol sa pag-sang-ayon sa saligang batas ng mga batas na ginagawa ng lehislatura at ang mga ito ay PRESUMED wasto sa kakulangan ng ebidensya na ito nga ay hindi constitutional. Ang PRESUMPTION na ito ay base sa paghihiwalay ng kapangyarihan ng chekutibo, lehislatura at ng mga korte. Ang isang batas na resulta ng pinagsamang gawain ng Kongreso at ng Presidente ng Pilipinas ay malamang na pinag-isipang mabuti ng mga gumawa nito at ito ay naaayon sa saligang batas. Ang desisyong ito ng SC ay binanggit sa Macasiano vs. NHA.

Kilosbayan vs. Guingona

Ang Kilosbayan ay isang



B. ISANG MALING PAGBASA NG SECTION 28

Banson vs. CA

Si Blandura ang dating may-ari ng lupa. Inalok niya ang mga nagungupahan dito na sina Banson at Berdugo na bilhin ang lupa, pero ng hindi sila nagpakita ng intensyon na bilhin ang bahay, pinadalhan sila ni Blandura ng sulat para paalisin sila. Ang bagong may-ari, si Diocampo, ay nagpadala rin ng mga sulat na nagsasabing dapat nang umalis sina Blandura, na hindi rin nila pinansin, kaya nagkaroon ng demanda na unlawful detainer laban sa kanila. Ayon sa MTC, sina Banson at Berdugo ay hindi lehitimong nangungupahan sa lupa dahil ang napagkasunduan nilang kontrata na hindi nasusulat, ay buwanan lamang, at ito ay tinapos na ng dating may-ari ng lupa bago pa man ito nabili ni Diocampo. Pagkatapos mabili ang nasabing lupa, ang pagtira nila Banson dito ay pinapayagan lamang ni Blandura. Dahil dito, ang kanilang paninirahan ay may kakabit na obligasyon na umalis sa lugar na yon kapag kinuha na ng may-ari. Ayon din sa MTC, ang P.D. 1517, ang Urban Land Reform Law, at ang B.P. 877, ang New Rental Law, ay hindi nararapat sa kasong ito dahil hindi nga lehitimo ang pag-upa nila Banson. Ang desisyon na ito ng MTC ay sinang-ayunan ng RTC at CA.

korporasyon na binubuo ng mga mamamayan ng Pilipinas. Sang-ayon sa charter ng PCSO, nagpasya itong magtayo ng isang "online lottery system" upang mapataas pa ang kita nito at magsisilbi rin itong pagkukuhanan ng pondo. Ang isyu sa kasong ito ay ang LOCUS STANDI ng Kilosbayan.

Ayon sa SC, ang karapatan ng isang panig upang magsampa ng kaso ay isang teknikal na depensa, at ang korte, sa paggamit ng wastong pagpapasya, ay maaari itong ipagsawalang-bahala dahil importante ang mga isyung ito. Sa mga tinaguriang "Emergency Powers Cases", ipinagsawalang-bahala ng SC ang mga teknikal na depensa dahil sa "transcendental importance" sa publiko ng mga kaso at dapat na itong mapagdesisyunan sa lalong madaling panahon. Ang mga kaso na hinaharap ng mga tao bilang mamamayang nagbabayad ng batas ay nasa pagpapaya ng korte kung ito ay pagbibigyang pansin o hindi.

Ito rin ang sinasabi ng mga kasong ito: **Kilusang Mayo Uno Labor Center vs. Garcia Kilosbayan vs. Morato Tatad vs. Garcia Tatad vs. Secretary of Department of Energy Association of Small Landowners in the Philippines vs. Secretary of Agrarian Reform**





Ayon sa SC, ang kontrata ng lease ay buwanan, ito ay may definite period at maaaring matapos kada buwan. Pagkatapos magbigay ng demand to vacate kay Banson at Berdugo at hindi pa rin sila umalis, sila ay naging usurpers. Hindi na sila bonafide lessees. Ang PD 1517 na nagproklama ng urban land reform sa Pilipinas, at ang RA 7279 (UDHA) ay hindi nararapat na gamitin sa kasong ito dahil sina Banson ay hindi lehitimong nangungupahan o legitimate tenant. Isa pa, ang lupang tinatayuan ng kanilang bahay ay hindi sakop ng mga nasabing batas. Ang mga batas ay sumasakop lamang sa mga lupa na nasa urban na lugar, kasama na ang areas for priority development, zonal improvement sites, slum improvement, resettlement sites, at iba pang lugar na maaaring iklasipika ng LGU's bilang naaayon sa socialized housing.

C. ANG KASO NG MGA "RASCALS"

Galay vs. CA

Si Wong ay nagsampa ng kasong ejectment laban kay Galay at sa mga kasama nito, na nag-ookupa sa lupang pagmamay-ari ni Wong sa Quezon City. Hindi ina-angkin nila Galay ang pagmamay-ari ng lupa, ngunit sinasabi nila na hindi si Wong ang may-ari

nito at sila daw ay nakatira sa lupang ito mula pa noong 1972 dahil sila ay pinayagan ni Dr. Lopez, na, ayon sa kanila, ay siyang magmamay-ari ng lupa. Natalo sina Galay sa MTC, RTC at CA. Ang desisyon ay naging final. Upang mapigilan ang pagpapa-alis sa kanila sa lupa, nagsampa sila ng injunction sa RTC ngunit hindi naman ito pinayagan ng korte. Nagsampa ulit sila ng injunction sa CA dahil hindi sila maaaring paalisin sa lugar nang hindi sumusunod sa Section 28 (c) ng RA 7279 (UDHA). Pinayagan naman ito ng CA. Nagsampa ng Motion to Lift/Dissolve Injunction ang abogado ni Wong dahil mayroon naman daw "substantial compliance" sa RA 7279 dahil ang Urban Poor Affairs Office (People's Bureau) ay nabigyan na ng notice at mahigit na sa 45 na araw ang lumipas mula sa nasabing notice. Ayon sa CA, dapat ay umalis na sina Galay sa lupa at hayaan nila ang People's Bureau na I-relocate sila o bayaran sila ng daily allowance hanggang sila ay ma-relocate.

Ayon sa SC, ang kaso ng ejectment ay na-resolve na at final na nang ang apela nila Galay ay hindi sinang-ayunan ng CA. Ang mga sumunod na proceedings ay naglalayon lamang na ma-enforce ang desisyon ng pagpapa-alis sa kanila sa lupa, na sinubikang depensahan nila Galay sa pamamagitan ng pag-gamit ng Section 28 ng UDHA. Nang sumunod sila Wong sa



iniuutos ng batas, ang karapatan nila Galay na manatili sa lupa ay natapos na. Kailangan na nilang umalis sa nasabing lupa.

Ukol naman sa isyu ng social justice na iniharap nila Galay, nasabi na ng SC na hindi tama na kilingan ang mahihirap DAHIL LANG sa pagiging mahirap nila, o magdesisyon laban sa mayayaman dahil lang sa mayaman sila, dahil ang hustisya ay para sa lahat, na naaayon sa batas". Ang policy ng social justice ay hindi nilayon na gamitin upang patawarin ang isang pagkakamali dahil lamang ito ay nagawa ng isang maralita. Maaaring bumaba ang parusa ngunit hindi nito mabubura ang pagkakamali. Ang pagiging maawain sa mga maralita ay dapat gawin ng isang sibilisadong komunidad ngunit hindi kapag ang maralita ay isang "RASCAL" na humihingi ng isang pribilehiyo na hindi naman nararapat sa kanya.

D. ISANG MALINAW NA "OMISSION"

Puncia vs. Gerona

Si Puncia at Balantes ay nangungupahan sa isang 105 sq.m. na parte ng lupa na pagmamay-ari ni Roberto Roco. Si Roco ay nagsampa ng demandang "unlawful detainer" laban kina Puncia sa

MTC dahil hindi nagbabayad ang mga ito ng buwanang upa. Pagkatapos ng 10 taon, lumabas ang desisyon ng MTC. Inutusan nito sina Puncia na umalis sa lupa. Nagpasa ng mga petition at appeal sina Puncia sa mababang hukuman. Nang ito ay hindi sinang-ayunan ng korte, nagsampa sila ng certiorari sa SC dahil daw ang judge sa RTC ay may "abuse of discretion" sa pag-uutos na I-demolish ang kanilang bahay. Ayon kay Puncia, nilabag ng judge ang RA 7279 (UDHA) na nagbibigay ng tatlong taong moratorium sa pagpapa-alis at pag-giba ng bahay ng mga "program beneficiaries" na nagsimula noong naipasa ang nasabing batas noong March 1992. Ang batas ay nag-uutos din na bigyan ng notice ang mga maaapektuhan ng demolisyon 30 na araw bago gawin ang nasabing pagpapa-alis o pagde-demolish. Sinabi rin ni Puncia na sila ay umalis na sa nasabing lupa.

Ayon sa SC, hindi nararapat na gamitin ang RA 7279 sa kasong ito. Ayon sa Section 44 ng nasabing batas, ang moratorium ay hindi maaring gamitin ng mga taong nagtayo ng bahay pagkatapos ng March 1992 at ng mga taong sumasailalim sa Section 28. Ayon sa Section 28 (c), and pagpapa-alis o pagde-demolish ay maaaring payagan kapag mayroong utos ng korte na nag-papaalis sa kanila. Hindi sakop ng moratorium ang "court ordered" evictions.





E. KAPAG NAGTAGPO ANG COURT-ORDERED DEMOLITION AT EXPROPRIATION

Filstream vs. CA

Ang Filstream ay nagmamay-ari ng isang lupa na matatagpuan sa Tondo, Manila. Ito ay nagsampa ng kasong ejectment laban sa mga taong naninirahan doon dahil natapos na ang kanilang kontrata ng lease at hindi rin nagbabayad ng upa ang mga nainirahan doon. Ang Filstream ay sinang-ayunan ng MTC, RTC at CA. Hindi nagsampa ng appeal ang mga nangungupahan kaya ang desisyon ay naging final. Habang mayroon pang proceedings sa kasong ejectment, ang mga nangungupahan sa nasabing lupa ay nagsampa ng demanda na Annulment of Deed of Exchange laban sa Filstream. Ayon sa kanila, pinayagan ng City of Manila ang Mayor upang kunin ang lupa na pagmamay-ari ng Filstream sa pamamagitan ng negotiation, expropriation o pagbili ng lupa o kahit anong legal na pamamaraan. Ang City of Manila ay naglabas ng isang ordinansa na idinedeklara ang pag-expropriate ng nasabing lupa. Nagsampa naman ng kaso na eminent domain ang City of Manila para ma-expropriate ang lupa. Naglabas ng writ of possession ang RTC para sa City of Manila. Nagsampa naman ng Motion to Dismiss ang Filstream laban sa kasong eminent domain

dahil nailalayon lamang nitong iwasan ang writ of execution na inutos ng RTC sa kasong ejectment. Ito ay hindi sinang-ayunan ng RTC at ng CA.

Ayon sa SC, ang City of Manila ay may malinaw na karapatan na gamitin ang kapangyarihan nito sa eminent domain sa nasasakupan nitong lugar. Ang karapatan na bilhin ang isang pribadong lupa upang gamitin ng publiko ay makikita sa Local Government Code. Ang City of Manila ay may kapangyarihan din na mag-expropriate ng pribadong lupa na maaring gamitin nito sa programa ng urabn lang reform and housing. Ngunit ang kapangyarihan na ito ay may limitasyon. Dapat mayroong due process at dapat ay bigyan ng just compensation ang pribadong tao na kinuhanan ng lupa. Isa pa, ayon sa UDHA, may mga limitasyon sa pagkakasunod-sunod o priority sa pagbili ng mga pribadong lupa at sa pag-gamit ng mga pribadong lupa ang pinaka-huli sa order of priority ng mga pag-aaring maaring gamitin sa socialized housing. Dapat ding mahuli ang pamamaraan ng expropriation sa priorities ng pamamaraan ng pagkuha o pagbili ng lupa. Ang expropriation ay maaari lamang gawin kapag nasubukan nang gamitin ang ibang pamamaraan. Sa kasong ito, hindi naipakita ng City of Manila na sinunod nito ang mga inuutos ng batas kaugnay sa order of



priorities. Mayroong paglabag sa karapatan ng Filstream sa due process.

Philippine Columbian Association vs. Panis

Ang PCA ay nagmamay-ari ng lupa na dating kasama sa Fabie Estate. Sina Panis ay naninirahan sa nasabing lupa. Nagsampa ng kasong ejectment ang PCA laban kay Panis at sa mga kasamahan nito. Nanalo ang PCA sa MTC. Ayon sa MTC, dapat nang umalis sina Panis sa nasabing lupa. Naglabas ng writ of demolition ang korte. Nagpasa ng petition for injunction si Panis upang mapigilan ang pagpapalis sa kanila at ang pag-giba ng kanilang bahay. Nagsampa naman ng kaso ng expropriation ang City of Manila upang bilhin ang nasabing lupa ng PCA. Nagpasa ng opposition dito ang PCA dahil hindi pinapayagan ng charter ng Manila ang City na mag-expropriate ng lupa. Sinabi rin ng PCA na ang pag-expropriate sa kanilang lupa ay hindi para sa pampublikong gamit, ngunit ito ay "politically motivated".

Ayon sa SC, ang Revised Charter of the City of Manila (R.A. 409) ay nagbibigay ng kapangyarihan sa City of Manila upang bumili ng pribadong lupa na ilalaan sa pampublikong gamit at kapangyarihang bumili ng pribadong lupa upang hatiin ito sa

homelots at ipagbili sa mga naninirahan sa lungsod. Ang salitang "public use" o ilalaan sa "pampublikong gamit" ay naiimpluwensyahan ng mga paggo-bagong kondisyon sa kasalukuyan. Maaaring sumailalim dito ang hindi direktang pagkuha ng benepisyo ng publiko, kasama na rito ang urban land reform and housing.

Republic vs. Tagle

Si Benitez ay nagmamay-ari ng 2 lupa na matatagpuan sa Dasmariñas, Cavite. Ang gobyerno ng Pilipinas, sa pamamagitan ng Philippine Human Resources Development Center (PHRDC) ay nagkaroon ng negosasyon sa isang ahensyang Hapon ukol sa pagtatayo ng isang Construction Manpower Development Center. Si Benitez at ang PHRDC ay pumirma sa isang Memorandum of Agreement na nagsasabing si Benitez ay magpapa-upa o magbebenta ng isang parte ng lupa nya sa PHRDC sa loob ng 20 na taon. Ang Philippine Women's University (PWU) at si Benitez ay nagbigay ng permit sa PHRDC upang gamitin ang nasabing lupa. Nagkaroon naman ng kasunduan ang PWU at PHRDC na isang lease agreement ng isang 10 hectare na lupa na, ayon sa PWU, ay ibinigay ni Benitez sa kanila bilang donation. Ngunit ang deed of donation ay ginawa PAGKATAPOS gawin





ang nasabing lease contract. Nang matapos ang termino ng lease contract, nagkaroon naman ng negosasyon tungkol sa pagbili ng lupa. Ngunit hindi pinirmahan ni Benitez ang Deed of Absolute Sale pero hinigi nito na magbayad ang PHRDC ng upa at umalis sa lupa sa loob ng 30 araw mula nang matanggap nila ang notice. Nagsampa rin ng kasong unlawful detainer si Benitez laban sa PHRDC. Nang hindi mabilio ng PHRDC ang lupa sa pamamagitan ng negotiated sale, ang PHRDC ay nagsampa ng demanda na eminent domain ayon sa EO 1035, sa pamamagitan ng DTI. Nagdeposito ang petitioner ng halagang naaayon sa provisional value ng lupa. Nagpasa ang PHRDC ng Motion for Issuance of a Writ of Possession, na ibinigay naman ng judge. Nagsampa naman ng Motion for Reconsideration ang PHRDC na siya namang sinang-ayunan din ng judge. Ang Writ of Possession ay napawalangbisa.

Ayon sa SC, hindi maaaring mapawalang bisa ng judge ang writ of possession dahil lamang ang nag-*expropriate* ay umo-okupa na sa nasabing lupa. Sa pag-gamit ng kapangyarihan ng eminent domain, hoindi lamang ang pag-possess sa lupa ang kinukuha ng gobyerno kundi pati ang pagbili at pagmamay-ari ng nasabing lupa. Ang EO 1035 ay ginawang batas upang maisulong ang pagbili ng gobyerno sa pribadong lupa

na maaaring gamitin sa infrastructure o iba pang proyekto ng gobyerno. Sa ilalim ng Section 7 ng EO 1035, isang ministerial duty ng mga korte ang maglalabas ng writ of possession sa loob ng 5 araw mula ng magdeposito ang gobyerno ng 10% ng halaga ng lupa. Ang nasabing writ ay hindi maaaring mapawalangbisa ng isang desisyon na nagsasabing panalo ang isang tao sa kaso ng ejectment na sumasakop sa iisang lupa at parehong mga naglalabang panig. Ang ejectment suit ay hindi maaaring maging mas mataas sa kapangyarihan ng Estado na eminent domain.

F. APLIKASYON NG MORATORIUM

Serapion vs. CA

Ang mag-asawang Alberto ay nagsampa ng demanda na unlawful detainer laban kay Serapion sa MTC ng Valenzuela. Ayon sa kanila, ayaw umalis ni Serapion sa lupa kahit na natapos na ang termino ng kanilang kontrata. Ayon naman kay Serapion, sila ay may isa pang kontrata sa dating may-ari ng lupa na tatay ni Magdalena Alberto na hindi pa tapos ang termino dahil ito ay maaaring i-renew ng 5 taon pa, ayon sa kanilang (Serapion) pagpapasya. Sinabi na ni Serapion na walang bisa ang kanyang



kontrata ng lease sa mag-asawang Alberto dahil ang nasabing kontrata ay nagawa lamang sa pamamagitan ng panloloko, at pagpilit sa kanila. Sinang-ayunan ng MTC ang mag-asawang Alberto at inutusan nito si Serapion na umalis sa lupa at magbayad ng upa. 2 araw matapos maibigay ang desisyon kay Serapion, nagpasa naman ng Motion for Execution sina Alberto sa korte nang hindi binibigyan ng notice si Serapion. Ito ay sinang-ayunan ng korte. Nang sumunod na araw, nagpasa ng "Motion for Reconsideration of Decision and Recall of Writ of Execution" si Serapion dahil mayroong mga requirements at guidelines sa pagpapa-alis ng mga naninirahan sa urban at rural na lugar na nakasaad sa Constitution at sa RA 7279. Ang Motion na ito ay hindi sinang-ayunan ng korte. Imbes na magpasa ng appeal, nag-sampa ng certiorari sa RTC si Serapion dahil, ayon sa kanya, mayroong grave abuse of discretion ang judge ng MTC dahil bigla na lang itong nagbigay ng writ of execution ng hindi muna sumusunod sa atas ng RA 7279. Naglabas naman ng writ of demolition ang MTC. Nagsampa ng Motion for Reconsideration si Serapion at pinawalang bisa ng judge ng RTC ang writ of execution at demolition dahil hindi nabigyan ng notice sila Serapion at maytoon pa silang 8 na araw para magpasa ng appeal. Sa appeal, sinabi ng RTC na hindi maaaring paalisin sina Serapion sa lupa kahit na natapos na ang

